

ARP ESSER III

TAUNANG ULAT SA PAGGAMIT NG MGA PONDO

Oktubre 17, 2022

Isang buod ng mga pamumuhunan para sa pagbangon mula sa pandemya ng Distrito ng Paaralan ng Clark County, na resulta ng pagpopondong natanggap sa pamamagitan ng Pang-emergency na Tulong para sa Paaralang Elementarya at Sekondarya ng Plano sa Pagsagip ng Amerika (American Rescue Plan Elementary and Secondary School Emergency Relief, ARP ESSER III), na isinabatas noong Marso 11, 2021.





BOARD OF SCHOOL TRUSTEES

Irene A. Cepeda, President
Evelyn Garcia Morales, Vice President
Lola Brooks, Clerk
Linda P. Cavazos, Member
Danielle Ford, Member
Lisa Guzmán, Member
Katie Williams, Member

Jesus F. Jara, Ed.D., Superintendent

Ang TAUNANG ULAT SA PAGGAMIT NG MGA PONDO
ng ARP ESSER III sa Taglagas ng 2022
ay binuo ng

Distrito ng Paaralan ng Clark County

Tanggapan ng Tagapamanihala
Kellie Kowal-Paul, ang Punong Opisyal sa Estratehiya

5100 West Sahara Avenue
Las Vegas, NV 89146

MGA PAGKILALA

Distrito ng Paaralan ng Clark County Lupon ng Mga Katiwala ng Paaralan

Irene A. Cepeda, Presidente
Evelyn Garcia-Morales, Bise Presidente
Lola Brooks, Klerk
Linda P. Cavazos, Miyembro
Danielle Ford, Miyembro
Lisa Guzmán, Miyembro
Katie Williams, Miyembro

Distrito ng Paaralan ng Clark County

Dr. Jesus F. Jara, Tagapamanihala
Dr. Brenda Larsen-Mitchell,
Kinatawang Tagapamanihala
Dr. Mike Barton, Punong Opisyal sa Pagpili ng Kolehiyo,
Career, Katarungan, at Paaralan
Dr. Monica Cortez, Pinuno ng Dibisyon para sa
Mga Serbisyo sa Kalusugan at Mag-aaral
Dr. Dustin Mancl, Punong Opisyal sa Akademiko
Jason Goudie, Punong Opisyal sa Pananalapi
Mike Casey, Punong Opisyal sa Mga Pagpapatakbo
Kellie Kowal-Paul, Punong Opisyal sa Estratehiya
Dr. Shana Rafalski, Pinuno ng Mga Tauhan
Dr. Carol Tolx, Punong Opisyal ng Human Resources
Tod Story, Punong Opisyal sa Mga Komunikasyon
Mark Campbell, Pansamantalang Pinuno ng
Mga Pasilidad
Henry Blackeye, Pinuno ng Pulisya, CCSD
Mary Mazur, Pangkalahatang Tagapamahala, Vegas PBS
Luke Puschnig, Pangkalahatang Abogado
Dr. Marilyn Delmont, Punong Opisyal sa Impormasyon
RoAnn Triana, Tagapamanihala ng Rehiyon 1
Melissa Gutierrez, Tagapamanihala ng Rehiyon 2
Dr. Deanna Jaskolski, Tagapamanihala ng Rehiyon 3
Mga Nangunguna at Tagapag-ambag ng Proyektong
ESSER III ng CCSD

Give Better Group

Jessica Rauch, Co-Founder
Katie Aiello-Howard, Co-Founder
Chloe Vieira, Nakatataas na Associate

Departamento ng Edukasyon ng Nevada

Jhone M. Ebert, Tagapamanihala ng
Pamublikong Pagtuturo
Heidi Haartz, Kinatawang Tagapamanihala para sa
Pamumuhunan sa Mag-aaral

Pederal na Delegasyon ng Timog Nevada

Ang Kagalang-galang na si Catherine Cortez Masto
Ang Kagalang-galang na si Jacky Rosen
Ang Kagalang-galang na si Dina Titus
Ang Kagalang-galang na si Susie Lee
Ang Kagalang-galang na si Steven Horsford

Mga Kasosyo sa Komunidad

Opportunity 180
Saligan ng Pamublikong Edukasyon
Ang Kenny Guinn Center para sa Mga Priyoridad
sa Patakaran
60 Nag-aambag na Organisasyon sa Komunidad
13,000 Nag-aambag na Miyembro ng Komunidad

ISANG SULAT MULA SA TAGAPAMANIHALA AT PRESIDENTE NG LUPON NG MGA KATIWALA NG PAARALAN

Oktubre 19, 2022

Minamahal na Komunidad ng CCSD,

Nasisiyahan kaming ibahagi ang Unang Ulat sa Paggamit ng Mga Pondo ng Distrito ng Paaralan ng Clark County (Clark County School District, CCSD) na nagbibigay ng update sa \$777 milyong pederal na pondo ng ARP ESSER III na iginawad sa distrito noong 2021.

Talagang napakahirap ng nakalipas na ilang taon. Binago tayong lahat ng pandemyang COVID-19 – pinahirapan ng malayuang pag-aaral ang mga tagapagturo, pamilya, at ating mga mag-aaral. Humantong sa mga nakakaalarmang pagtaas sa mga krisis sa kalusugan ng pag-iisip ang kakulangan ng koneksyon na naranasan ng ating kabataan.

Dahil sa malalaking pagsubok na kinahaharap ng ating kabataan at mga tagapagturo, itinuon natin ang mga mapagkukunan sa pagbangon. Lalaban tayo, nang ginagamit ang pagpopondo ng ESSER III para mapabilis ang pag-aaral.


Pero hindi namin ito magagawa nang mag-isa.

Gusto naming taos-pusong pasalamatan ang ating komunidad para sa inyong pakikibahagi noong tag-init ng 2021, na nakatulong sa pagtukoy ng mga priyoridad na gumagabay sa aming paggastos hanggang sa ngayon.

Gusto rin naming pasalamatan ang aming kahanga-hangang mga tagapagturo at tauhang labis-labis ang nagawa sa panahong ito. Ibinabalangkas ng ulat na ito ang mga pasadyang pamumuhunan na nilalayong pahalagahan ang iyong mga kontribusyon at suportahan ang iyong paglago para matamasa nating lahat ang sandaling ito nang magkakasama.

At gusto naming pasalamatan ang ating 300,000 mag-aaral. Nagpakita kayo ng kahanga-hangang katatagan. Hindi kayo huminto sa pagpapalano at paghahanda para sa hinaharap. Nangangako kaming patuloy namin kayong pakikilingan para maunawaan kayo, anuman ang pangangailangan ninyo, at patuloy naming ilalaan ang aming oras at lakas para maibalik kayo sa tamang landas, para handa kayong makamit ang iyong mga pangarap.


Nagpapasalamat,



Dr. Jesus Jara
Superintendent, Clark County School District



Irene A. Cepeda, Presidente
Lupon ng Mga Katiwala ng Paaralan ng Distrito ng Paaralan ng Clark County




MGA NILALAMAN

ISANG SULAT MULA SA TAGAPAMANIHALA AT PRESIDENTE NG LUPON NG MGA KATIWALA NG PAARALAN	4
INTRODUKSIYON	6
PANANAGUTAN NG ARP ESSER III	9
 TAGUMPAY NG MAG-AARAL	10
 MGA GURO, PUNONG-GURO, TAUHAN	14
 PAGPIGIL SA COVID-19, PATULOY NA PAGTUGON, AT IBA PANG GASTOS	17
 SUPORTA SA MAGULANG AT KOMUNIDAD	19
 BALANSENG PAMAMAHALA AT PAMUMUNO	20
 MGA PROYEKTONG HINDI NA PINOPONDOHAN NG ESSER III	21
KONKLUSYON	23

INTRODUKSIYON

Nagbabalik na ang Distrito ng Paaralan ng Clark County (Clark County School District, CCSD).

Nakatuon ang distrito sa pagbangon at sa pagtiyak na natutugunan at nalalagpasan ang maraming epekto ng pandemyang COVID-19. Nagpapatupad ang CCSD ng isang hanay ng mga proyekto gamit ang pagpopondo ng ARP ESSER III na nilalayong pabilisin ang mga pagsisikap sa pagbangon, na isinaayos ayon sa mga estratehikong prioridad ng distrito: Tagumpay ng Mag-aaral; Mga Guro, Punong-guro, Tauhan; Pagpigil sa COVID-19; Mga Suporta sa Magulang at Komunidad; at Balanseng Pamamahala at Pamumuno. Sa mga sumusunod na pahina, makikita mong:



◆ Nakakaapekto na sa mga paaralan, mag-aaral, at pamilya ang mga pamumuhunan ng ESSER III ng CCSD.

- Pinaglaanan ng badyet ng ESSER III ang bawat Paaralang Elementarya ng CCSD para magbigay ng suporta sa akademiko, pakikisalamuha at emosyon, at pag-uugali para matugunan ang mga indibidwal na pangangailangan ng mga mag-aaral.
- Ang bawat mag-aaral sa Distrito ay may access sa laptop o tablet at iba't ibang online na curriculum at mapagkukunan sa pagtuturo, suporta sa pag-access sa Internet, mga oportunidad sa pag-aaral sa tag-init, at curriculum sa Agham at sa pag-aaral sa pakikisalamuha at emosyon.
- Ang bawat mag-aaral sa Distrito ay may access sa iba't ibang pangkalahatang suporta ng komunidad, at may one-on-one na access din sila sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at pagtuturo.

◆ Lubos na namumuhunan ang Distrito ng Paaralan ng Clark County sa mga tagapagturo para higit pang makabangon mula sa pandemya.


- Bilang resulta ng halos \$70 Milyong pinuhunan para makalap at mapanatili ang mga nangungunang guro sa Clark County, nabawasan nang husto ang bilang ng mga bakanteng silid-aralan.
- May access ang mga guro sa propesyonal na pag-aaral sa pagtuturo ng pagbasa, pagsulat, at agham na batay sa pananaliksik at makakakuha sila ng master's degree sa Pag-aaral ng Wikang Ingles nang wala silang babayaran.

◆ Tinutupad ng Distrito ng Paaralan ng Clark County ang pangako nito sa kalinawan at pananagutan.

- Ipinaalam ng higit sa 13,000 stakeholder ang plano sa paggastos ng Distrito.
- Ibinibigay sa publiko at sa Lupon ng Mga Katiwala ng Paaralan ang mga regular na update sa paggastos at pagpapatupad, at pino-post ang mga ito sa future.ccsd.net.

◆ Nasa landas ang Distrito ng Paaralan ng Clark County sa paggawa ng mga maimpluwensiyang pamumuhunan sa tamang oras.

- Nauuna ang pag-usad ng paggastos sa trajectory ng naka-target na paggastos sa paglipas ng panahon.
- Pinopondohan ang lahat ng proyekto nang naaayon sa mga pederal na kinakailangan at para magamit sa pagbangon mula sa pandemya.



ANO ANG ESSER III?

Nakatanggap ang CCSD ng \$777 milyon sa pamamagitan ng Pang-emergency na Tulong para sa Paaralang Elementarya at Sekondarya ng Plano sa Pagsagip ng Amerika (American Rescue Plan Elementary and Secondary School Emergency Relief Act, ARP ESSER III). Kumakatawan ang pagpopondo ng ARP ESSER III sa pinakamalaking pederal na pamumuhunan para sa tulong at pagbangon sa kasaysayan, at sinasaligan nito ang mga nakaraang round ng pederal na pagpopondo para sa pagtugon at tulong sa pandemya (ESSER I at II).

PAANO NAPAGPASYAHAN NG CCSD ANG PINAKAMAINAM NA PAGGAMIT NG MGA PONDO?

Nakipagtulungan ang CCSD sa komunidad noong tag-init ng 2021 para mangalap ng input mula sa magkakaibang hanay ng mga stakeholder habang nagplano para sa pagbangon ang distrito. Pinagkaisa ng Pagtuon sa Hinaharap para sa Mga Bata: Proseso sa Input ng Komunidad ang komunidad para sagutin ang ilang tanong, kasama ang:

- Ano ang gusto natin para sa ating mga paaralan sa CCSD?
- Paano natin magagamit ang mga paparating na pederal na pondo para masimulan ang ating pangmatalagan at nakabahaging bisyon sa komunidad para sa ating mga paaralan?

Naglalamana ng ARP ESSER III ng mga partikular na kinakailangan na dapat sundin ng mga lokal na ahensyang pang-edukasyon habang ipinapatupad nila ang pagpopondo. Kasama sa mga kinakailangang ito ang:

- ✓ **Pakikibahagi sa makabuluhang konsultasyon sa mga stakeholder sa pagbuo ng plano**, na nagawa ng CCSD noong Tag-init ng 2021, kung kailan higit sa 60 organisasyon sa komunidad at 13,000 miyembro ng komunidad ang nagbahagi ng kanilang mga prioridad sa pagbangon mula sa pandemya sa pamamagitan ng mga sesyon ng pakikibahagi at survey sa buong komunidad.
- ✓ **20% kinakailangang nakatabi para matugunan ang nagambalang pag-aaral gamit ang mga pang-akademiko, pantao, at pang-emosyong estratehiya sa pag-aaral na nakabatay sa ebidensya para sa mga populasyon ng mga mag-aaral na nalalantad sa panganib**, kung saan higit na lumalagpas ang CCSD, gaya ng nakikita sa mga proyekto sa Tagumpay ng Mag-aaral na higit pang idinetalay sa mga pahina ng ulat na ito.
- ✓ **Kinakailangan sa plano sa ligtas na pagbabalik sa personal na pagtuturo**, na in-update at ibinahagi ng CCSD sa publiko kada anim na buwan, kung kinakailangan.
- ✓ **Lokal na pagpapanatili ng katarungan kung sakaling magkaroon ng pangangailangan para sa mga pagbabawas ng badyet** – Dahil hindi naharap sa pangkalahatang mga pagbabawas ng badyet ang Distrito, humiling ang CCSD ng pagbubukod mula sa Pagpapanatili ng Katarungan para sa mga taon ng pag-aaral na 2021-2022 at 2022-2023 alinsunod sa Seksyon 2004(c)(2) ng Batas sa Plano sa Pagsagip ng Amerika (American Rescue Plan, ARP).

Higit sa 13,000 stakeholder ang nagbigay ng input at feedback sa CCSD. Direktang ipinaalam ng mga kahilingan at pananaw ng ating komunidad ang mga prioridad sa paggastos ng CCSD para sa \$777 milyong pederal na pondo na ibinigay sa pamamagitan ng ARP ESSER III. Para maihanda ang pinakapinag-isipang plano sa paggastos na posible, isinaalang-alang ng CCSD, bilang karagdagan, ang data sa epekto ng COVID-19 at nangalap ito ng pinakamahusay na kasanayan mula sa buong bansa.

Noong Setyembre 2021, isinumite ng CCSD ang Plano sa Paggamit ng Mga Pondo nito sa Departamento ng Edukasyon ng Nevada, na ibinalangkas ang mga nakaplanong prioridad sa paggastos para sa mga pondo ng ARP ESSER III. Inaprubahan ang plano noong Marso 18, 2022, at naghanda ang CCSD para sa pagpapatupad. Nagsumite ang Distrito ng binagong plano sa paggamit ng mga pondo ng ESSER III na inaprubahan noong Setyembre 1, 2022. Makikita sa future.ccsd.net ang Plano sa Paggamit ng Mga Pondo sa Ingles at Espanyol.

ANONG MGA PANGAKO SA KOMUNIDAD ANG GINAWA NG CCSD?

Bilang bahagi ng inisyal na proseso ng pagpapalano, bumuo ang CCSD ng isang hanay ng mga panggabay na tuntunin na kumakatawan sa mga pangako ng distrito sa komunidad kaugnay ng paggamit ng mga pondo ng ARP ESSER III.

Inilapat ng CCSD ang mga panggabay na tuntunin para mabuo ang inisyal na Plano sa Paggamit ng Mga Pondo at para gumawa ng mga kasunod na update sa proyekto habang sumusulong ang pandemya.

PAANO GINAGAMIT NG CCSD ANG MGA PONDO NG ARP ESSER III?

Binibigyang-daan ng pagpopondo ng ARP ESSER III ang CCSD na makabangon mula sa mga epekto ng pandemya na nararanasan ng ating mga mag-aaral. Saklaw ng mga proyekto, at kinabibilangan ng mga ito, ang mga naka-target na pamumuhunang gaya ng pag-aaral sa tag-init, mga curriculum sa Tier I na Sining at Agham sa Wikang Ingles, mga suporta sa kalusugan ng pag-iisip, mga bonus sa pagpapanatili ng guro, pagsasanay ng guro, mga pakikipagtulungan sa mga organisasyon sa komunidad para sa pagpapabilis ng pag-aaral at pangkalahatang suporta, at mga pamumuhunan sa impraestrukturang gaya ng teknolohiya sa silid-aralan at sistema ng data para sa pagbabahagi ng impormasyon ng distrito at mag-aaral nang mas malinaw.

Naglalaman ang mga sumusunod na pahina ng pangkalahatang kalagayan ng kabuuang paggastos at mga update para sa lahat ng proyektong pinopondohan ng ARP ESSER III. Kasama sa partikular na impormasyon sa antas ng indibidwal na proyekto ang mga pasalaysay na update, porsyento ng mga badyet na nagastos na simula Oktubre 1, 2022, at pangkalahatang kalagayan ng proyekto.

PAGPAPLANO NG ESSER III MGA PANGGABAY NA TUNTUNIN

Nakikipagtulungan ang CCSD sa komunidad para maging mas malakas pagkatapos ng pandemya sa pamamagitan ng pagsasaprioridad ng pagpapabilis ng pag-aaral, mga suporta sa tagapagturo, at pangmatagalang pagkalikas-kaya.

1. Tiyakin ang **malawakang pakikilahok** sa mga desisyon sa paggastos.
2. Isaalang-alang **kung gaano kamakatarungan inilalapat ang mga pondo**, kasama ang sa mga paaralan, komunidad, at grupo ng mag-aaral na dating hindi gaanong napaglilingkuran at kulang ang pangangatawan.
3. Gumamit ng data para **mai-target ang mga pamumuhunan** kung saan pinakakinakailangan ang mga ito.
4. Magplano para sa **pagiging likas-kaya**.
5. Timbangin ang **pagiging posible** ng mga indibidwal na inisyatiba.
6. Igalang ang at ipangako sa mga nagbabayad ng buwis na tutuon sa **mga mag-aaral at tulong**.



ANO ANG SUSUNOD PARA SA ARP ESSER III?

Nakatuon ang CCSD sa pangangasiwa ng mga pondo ng ARP ESSER III nang may kalinawan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga regular na ulat at update tungkol sa mga paggastos, pagbabago sa kaloob, at pag-usad ng proyekto. Taon-taong mag-uulat ang distrito sa komunidad at, sa mga ulat sa hinaharap, magagawa nitong magbahagi ng impormasyon tungkol sa epekto ng bawat naka-target na pamumuhunan. Patuloy na susuportahan ng mga pondo ng ARP ESSER III ang mga pagsisikap sa pagbangon mula sa pandemya. Patuloy na magbabahagi ng pag-usad at magpapatupad ng mga pinondohang proyekto ang CCSD hanggang sa katapusan ng termino ng kaloob.

PANANAGUTAN NG ARP ESSER III

Masikap na sinusubaybayan ng CCSD ang pagpapatupad para sa lahat ng proyektong pinopondohan ng ARP ESSER III. Ibinibigay ng sumusunod na buod ang pangkalahatang kalagayan ng paggastos para sa kaloob. Ibinabahagi rin nito ang mataas na antas ng pag-usad para sa bawat proyekto. Kasama sa mga sumusunod na pahina ang mas detalyadong impormasyon tungkol sa pag-usad ng indibidwal na proyekto.

Kabuuang
Alokasyon **\$777,849,496**

■ Funds Spent or Encumbered ■ Remaining

33.47% Nagastos o Nakalaan
(Kasama ang Mga Hindi
Direktang Gastos)

\$255,135,214.00

\$507,080,015

Mga Proyekto sa Tagumpay ng Mag-Aaral	Badyet ng Proyekto	Nagastos o Nakalaan (Hindi Kasama ang Mga Hindi Direktang Gastos)
Pag-upgrade ng Teknolohiya	\$203,955,182	18%
Tier I na Mga Materyales sa Pagtuturo para sa Sining sa Wikang Ingles	\$60,000,000	0%
Pagprograma ng Pag-aaral sa Tag-init	\$74,394,723	0%
Mga Pakikipagtulungan sa Komunidad para sa Pag-aaral	\$52,554,066	29%
Direktang Alokasyon sa Mga Paaralang Elementarya	\$23,050,769	4%
Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip	\$27,570,818	22%
Online na Curriculum at Mga Mapagkukunan sa Pagtuturo	\$15,156,088	89%
Pag-endorso ng ELL para sa Lahat ng Guro (Proyektong Pueblo)	\$4,260,000	100%
Team sa Pagtugon sa Krisis	\$749,764	0%
Mga Pandagdag na Materyales sa Pagtuturo para sa SEL	\$48,299,515	3%
Tier I na Mga Materyales sa Pagtuturo para sa Agham	\$93,494,060	97%
Mga Proyekto para sa Mga Guro, Punong-guro, Tauhan	Badyet ng Proyekto	Nagastos o Nakalaan (Hindi Kasama ang Mga Hindi Direktang Gastos)
\$2000 na Mga Bonus para sa Pagpapanatili	\$64,722,046	108%
Propesyonal na Pag-aaral ng Pagbasa at Pagsulat	\$11,980,000	98%
Pipeline ng Tagapagturo	\$6,700,000	3%
Student Pipeline to Teacher Education	\$6,233,000	0%
Relokasyon at Mga Bonus sa Pagpapanatili	\$3,553,592	57%
Landas sa Pamumuno ng Guro	\$1,279,349	0%
Pipeline ng Urban na Lider	\$435,470	0%
Mga Proyekto sa Pagpigil sa COVID-19 at Patuloy na Pagtugon at Iba Pang Gastos	Badyet ng Proyekto	Nagastos o Nakalaan (Hindi Kasama ang Mga Hindi Direktang Gastos)
Mga Serbisyong Pangkalusugan	\$46,218,449	0%
Mga Pagpapatakbo	\$3,585,000	0%
Pass-thru na Pagpopondo para sa Charter na Paaralan	\$6,936,650	15%
Mga Proyekto sa Suporta sa Magulang at Komunidad	Badyet ng Proyekto	Nagastos o Nakalaan (Hindi Kasama ang Mga Hindi Direktang Gastos)
Kalinawan at Pananagutan ng Data	\$6,754,688	0%
Mga Proyekto sa Balanseng Pamamahala at Pamumuno	Badyet ng Proyekto	Nagastos o Nakalaan (Hindi Kasama ang Mga Hindi Direktang Gastos)
Estratehikong Pagpapalano (Kasama ang Pananagutan ng ESSER III)	\$332,000	77%

TAGUMPAY NG MAG-AARAL

Ang Tagumpay ng Mag-aaral ang nangungunang pinagtutuunan ng CCSD habang bumabangon tayo mula sa pandemyang COVID-19 at inilalaan sa loob ng priyoridad na Tagumpay ng Mag-aaral ang karamihan ng mga priyoridad sa paggastos ng CCSD.

Pinaninindigan ng CCSD ang panggabay na tuntunin nito na tumuon sa mga mag-aaral at tulong, na higit pang idinetalye sa mga susunod na pahina.

Layunin

Mapabilis ang Pag-aaral

Kabuuang Badyet

(11 Proyekto)

\$603,484,985

Nagastos

28.11%

Kasama sa mga proyekto ang: mga pamumuhunan sa teknolohiya para tumulong sa at mapabilis ang pag-aaral ng mag-aaral; mga materyales sa pagtuturo sa Sining, Agham, at pantao at pang-emosyong pag-aaral (social emotional learning, SEL) sa Wikang Ingles; mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para matasa ang mga mag-aaral at makapagbigay ng pagsasanay para matugunan ang kanilang mga nagbabagong pangangailangan; programa ng pag-aaral sa tag-init para sa pagpapabilis; direktang pagpopondo sa mga organisasyon sa komunidad para makapagbigay ng pagpapabilis ng pag-aaral at mga pangkalahatang suporta; at mga direktang alokasyon sa mga paaralang elementarya para matugunan ang mga partikular na pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral.


Kasama sa talahanayan sa susunod na pahina ang pangalan ng proyekto, impormasyon sa badyet, kalagayan ng proyekto, pasalaysay na update, at pag-usad ng paggastos.

Tampok ng Proyekto:

Mga Pakikipagtulungan sa Komunidad para sa Pagpapabilis ng Pag-aaral at Mga Pangkalahatang Suporta

Pinalawak ng After-School All-Stars ang kanilang programa gamit ang \$5 milyong dolyar na pamumuhunan bilang bahagi ng mga pondo ng ARP ESSER III ng CCSD. Nagbigay-daan ang pagpopondo sa pagdaragdag ng 12 paaralan sa programa, na naglilingkod na ngayon sa 31 paaralan. Naapektuhan ng programa ang higit sa 150,000 mag-aaral sa CCSD mula noong mabuo ito 26 na taon na ang nakalipas. Nagbibigay ito ng libreng mga programa pagkatapos ng oras ng pag-aaral na pinamumunuan ng guro at nagpapaunlad ng mga kasanayan bahang pinapanatiling ligtas ang mga bata sa mga oras kung saan maaari silang maharap sa gulo sa ibang paraan.

Kabilang ang After-School All-Stars sa siyam na organisasyon sa komunidad na nagbibigay ng pagpapabilis ng pag-aaral at pangkalahatang suporta gamit ang pagpopondo ng ARP ESSER III. Kasama sa mga karagdagang organisasyon ang: **CORE, na Pinapatakbo ng Rogers Foundation; Fulfillment Fund Las Vegas; Girls on the Run Las Vegas; Nevada Partners, Inc.; Spread the Word Nevada; Communities in Schools; PAPER Tutoring; at Boys Town.**



KALAGAYAN NG PROYEKTO SA TAGUMPAY NG MAG-AARAL

Pangalan at Badyet ng Proyekto	Kalagayan	Pasalaysay na Update	Nagastos o Nakalaan (hindi kasama ang mga hindi direktang gastos)
Pag-upgrade ng Teknolohiya Badyet: \$203,955,182	Umuusad	Ang mga digital na 1:1 na upgrade sa teknolohiya ay nilalayong makapaghatid ng access at katarungan sa mga digital na mapagkukunan sa pag-aaral, na tumutulong sa pag-uugnay ng mga mayroon at walang access sa teknolohiya. Umuusad ang pagpili ng teknolohiya, pangangalap ng mapagkukunan, at pagpapalano ng pagpapatupad. Halos 125,000 chromebook na ang naipamahagi, at 10 paaralan ang nag-pilot ng mga bagong interaktibong flat panel, na ipapamahagi sa buong distrito sa mga darating na taon.	18%
Tier I na Mga Materyales sa Pagtuturo para sa Sining sa Wikang Ingles Badyet: \$60,000,000	Umuusad	Patataasin ng pagpapatupad ng hindi pabago-bagong curriculum para sa Tier I na pagtuturo sa sining sa wikang Ingles (English language arts, ELA) para sa Kindergarten–ika-12 Baitang ang tagumpay sa pagbabasa sa buong distrito. Nasa proseso ng paggamit ng mga materyales sa pagtuturo ng ELA ang Departamento ng Edukasyon ng Nevada. Kapag naisapinal na ang prosesong ito sa mga darating na buwan, bibili ang CCSD ng mga Tier I na materyales sa pagtuturo para sa ELA.	0%
Pagprograma ng Pag-aaral sa Tag-init Badyet: \$74,394,723	Umuusad	Nag-alok ang CCSD ng tatlong pangunahing oportunidad sa pag-aaral sa tag-init nang walang bayad para mapabilis ang pag-unlad sa akademiko, pakikisalamuha at emosyon, at pag-uugali ng lahat ng mag-aaral, na naglilingkod sa higit 95,000 mag-aaral na pinopondohan gamit ang ESSER II at iba pang pondo. Susuportahan ng mga pondo ng ESSER III ang pagprograma ng pag-aaral sa tag-init para sa Tag-init ng 2023 at posible ring sa Tag-init ng 2024.	0%
Mga Pakikipagtulungan sa Komunidad para sa Pag-aaral Badyet: \$52,554,066	Umuusad	Nakikipagtulungan ang CCSD sa siyam na nonprofit sa komunidad para makapagbigay ng pagpapabilis ng pag-aaral at pangkalahatang suporta, kasama ang: After School All Stars; CORE, na Pinapatakbo ng Rogers Foundation; Fulfillment Fund Las Vegas; Girls on the Run Las Vegas; Nevada Partners, Inc.; Spread the Word Nevada; Communities in Schools; PAPER Tutoring; at Boys Town. Mula Setyembre 2022, dalawang nonprofit ang naglunsad ng pagprograma at ang natitira ay nasa proseso ng pagsasaayos o pag-recruit ng mga mag-aaral.	29%
Direktang Alokasyon sa Mga Paaralang Elementarya Badyet: \$23,050,769	Umuusad	Inilaan ang mga pondo sa bawat paaralang elementarya para sa taon ng pag-aaral na 2022-2023, batay sa inaasahang pagpapatala. Maaaring gamitin ng mga paaralan ang pagpapasya ng mga ito para magbigay ng suporta sa akademiko, pakikisalamuha at emosyon, at pag-uugali para matugunan ang mga indibidwal na pangangailangan ng bawat mag-aaral, at isara ang mga pang-akademikong puwang dahil sa pandemyang COVID-19.	4%

KALAGAYAN NG PROYEKTO SA TAGUMPAY NG MAG-AARAL (IPINAGPATULUY)

Pangalan at Badyet ng Proyekto	Kalagayan	Pasalaysay na Update	Nagastos o Nakalaan (hindi kasama ang mga hindi direktang gastos)
Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip Badyet: \$27,570,818	Umuusad	Nakakatanggap ang lahat ng paaralan sa CCSD ng mga mapagkukunan sa kalusugan ng pag-iisip nang naaayon sa mga tier sa pamamagitan ng MTSS at may kakayahan ang mga ito na magbigay ng mga referral sa mga panloob at panlabas na provider. Tinutulungan ng Care Solace ang mga pamilya at paaralan sa pag-navigate sa lokal na sistema sa kalusugan ng pag-iisip sa pamamagitan ng serbisyo ng tagapangasiwa ng pangangalaga na naglalayong bawasan ang oras na kinakailangan para maghanap ng panlabas na therapist. Ibinibigay ang mga serbisyo ng telehealth sa campus sa lahat ng campus ng CCSD, na maaaring kinabibilangan ng online na therapy, pagpapayo sa pamilya, at direktang tulong para sa mga empleyado ng CCSD. Nakikipagtulungan ang mga kasosyo para magbigay ng access sa mga eksperto sa kalusugan ng pag-iisip sa pamamagitan ng ecosystem sa kalusugan ng pag-iisip, na nagsisimula sa team sa pamumuno sa maraming disiplina (multidisciplinary leadership, MLT) sa bawat paaralan. Nagbibigay ang Hazel Health at ang United Citizens Foundation ng mga virtual at harapang serbisyo para sa mga mag-aaral para matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Nagsisilbing unibersal na taga-screen ang Panorama para sa mga mag-aaral nang tatlong beses kada taon ng pag-aaral, na tinutulungan ang mga team sa MLT na nakabase sa paaralan sa pamamagitan ng pagtugon sa tamang oras. Sinusubaybayan din ng Panorama ang pinagsama-samang data para sa kapakanan ng empleyado at pakiramdam na nabibilang siya.	22%
Online na Curriculum at Mga Mapagkukunan sa Pagtuturo Badyet: \$15,156,088	Umuusad	Bumili ng mga online na software at mapagkukunan sa pagtuturo para suportahan ang mga guro sa pagpapatupad ng pagtuturong de-kalidad at naaayon sa mga pamantayan na nilalayong mapataas ang tagumpay ng mag-aaral sa Kindergarten-ika-12 Baitang. Hanggang sa ngayon, higit sa 1,100 tagapagturo ang lumahok sa propesyonal na pag-aaral para matagumpay na maipamahagi ang software.	89%
Pag-endorso ng ELL para sa Mga Guro (Proyekto ng Pueblo) Badyet: \$4,260,000	Umuusad	Makakakuha na ngayon ang mga guro sa CCSD ng master's degree sa Pag-aaral ng Wikang Ingles (English Language Learning, ELL) sa pamamagitan ng pag-endorso ng ELAD, nang wala silang babayaran, sa pamamagitan ng Proyekto ng Pueblo, na nagbibigay sa mga guro sa CCSD ng kaalaman at mga kasanayan para mas masuportahan ang mga mag-aaral ng wikang Ingles. Siyamnapu't pitong kalahok ang nagpatala sa unang cohort ng programa, na inilunsad noong Setyembre 2022.	100%

KALAGAYAN NG PROYEKTO SA TAGUMPAY NG MAG-AARAL (IPINAGPATULUY)

Pangalan at Badyet ng Proyekto	Kalagayan	Pasalaysay na Update	Nagastos o Nakalaan (hindi kasama ang mga hindi direktang gastos)
Team sa Pagtugon sa Krisis Badyet: \$749,764	Umuusad	Kasalukuyang may natatanging espesyal na dibisyon sa loob ng departamento ang Distrito, na tumutugon sa Pagtugon sa Krisis at Banta sa Mag-aaral. Dagdag dito, may partikular na dibisyon para sa kalusugan ng pag-iisip na nagbibigay ng suporta sa mga indibidwal na natukoy na kaso at paaralan. Nagsisikap ang CCSD para mag-hire ng mga tauhan para mapataas ang pagtugon ang suporta sa ating mga mag-aaral at tauhan na may mga pangangailangan sa kalusugan ng pag-iisip at pagtugon sa krisis. Nasa proseso ng pagpuno ng anim na karagdagang posisyon ang Distrito para masuportahan ang pagtugon sa krisis, kasama ang mga social worker, tagapayo, at psychologist sa paaralan. Sa pamamagitan ng iba't ibang pagsisikap sa pag-recruit, inaasahang maha-hire ang mga tauhan bago lumipas ang Enero 2023.	0%
Mga Pandagdag na Materyales sa Pagtuturo para sa SEL Badyet: \$48,299,515	Nakamit	Nakakatanggap ang mga paaralan ng mga pandagdag na materyales sa pagtuturo ng pag-aaral sa pakikisalamuha at emosyon para mapabuti ang kapakanang pantao at pang-emosyon ng mga mag-aaral at makabuo ng mas mataas na kakayahang mapabuti ang positibong kultura sa paaralan. Higit sa 2,100 tagapagturo at tagapangasiwa ang lumahok sa propesyonal na pag-aaral para maipamahagi ang programa. Binase ang mga inisyal na pagtatantya para sa halaga ng curriculum ng SEL sa mga nakaraang pagbili ng pangunahing curriculum; lubos na mas mura kaysa sa inaasahan ang online na tool na pinili ng komite sa pagsusuri at pagpili ng komunidad. Malamang na ilalaan ang mga natitirang pondo sa ibang prioridad sa isang pagbabago ng plano sa paggastos ng ESSER III sa hinaharap.	3%
Tier I na Mga Materyales sa Pagtuturo para sa Agham Badyet: \$93,494,060	Umuusad	Binubuo ng CCSD ang kakayahan ng mga tagapagturo ng agham sa Kindergarten–ika-8 Baitang para mapataas ang makatarungang pagtuturo ng agham sa pamamagitan ng access at mga oportunidad para sa lahat ng mag-aaral na makibahagi sa pag-aaral ng agham na hinihimok ng mga kaganapan gamit ang de-kalidad na Tier I na materyales sa pagtuturo. Nakatanggap ang lahat ng paaralan ng mga materyales ng Amplify Science, at isinasagawa na ang mga sesyon ng propesyonal na pag-aaral para sa lahat ng tagapagturo ng agham, kasama ang mga personal, synchronous na virtual, at asynchronous na opsyon.	97%

Tampok ng Proyekto: Tier I na Mga Materyales sa Pagtuturo para sa Agham

Natanggap ng lahat ng paaralan sa Kindergarten–ika-8 Baitang sa buong distrito ng paaralan ng Tier I ang Mga Materyales sa Pagtuturo para sa Agham, ang Amplify Science, para sa lahat ng mag-aaral at tagapagturo.

Sa unang pagkakataon mula sa paggamit ng mga pamantayan noong 2015, may makatarungang access ang lahat ng mag-aaral sa mga materyales para sa agham na de-kalidad at naaayon sa mga pamantayan.



MGA GURO, PUNONG-GURO, TAUHAN

Napakahalaga ng naging tungkulin ng mga guro, punong-guro, at tauhan ng CCSD, na unang nag-pivot sa malayuang edukasyon sa panahon ng pandemya at pagkatapos ay nagtulungan para matiyak ang ligtas na pagbabalik sa paaralan. Nagpapasalamat ang Distrito para sa maraming sakripisyong ginawa ng ating mga tagapagturo sa panahong ito, at gumagawa ito ng mga hakbang para maipakita sa kanila kung gaano natin sila pinapahalagahan sa pamamagitan ng mga bonus sa pagpapanatili at pag-recruit at naka-target na propesyonal na pag-aaral. Gumagawa ang CCSD ng mga pamumuhunan para matiyak na ang mahusay at magkakaibang pipeline ng mga tagapagturo at punong-guro ang mamumuno sa ating sistema sa mga darating na taon.

Layunin

Pahalagahan at mapanatili ang ating mga tagapagturo

Kabuuang Badyet

(7 Proyekto)

\$94,903,457


Nagastos

88.40%


Tampok ng Proyekto: Propesyonal na Pag-aaral ng Pagbasa at Pagsulat

Ginagamit ng CCSD ang pagpopondo ng ARP ESSER III para mamuhunan sa pagsasanay para sa pundasyonal na karunungan magbasa at magsulat sa buong distrito, para mapabilis ang tagumpay ng mag-aaral sa karunungan magbasa at magsulat.

Nagsimula sa propesyonal na pag-aaral ngayong tag-init ang Mga Tagapangasiwa at Strategist sa Pagbasa bago ang ika-3 Baitang (Read by Grade 3). Ngayong taon ng pag-aaral, makikibahagi rin ang mga tagapangasiwa, espesyalista sa karunungan magbasa at magsulat, at guro sa silid-aralan sa mga kurso sa propesyonal na pag-aaral ng pagbasa at pagsulat para maiugnay ang malalim at makabuluhang pananaliksik sa praktikal na paggamit sa silid-aralan sa pamamagitan ng pagpapataas ng background na kaalaman at pagbibigay ng mga tool para magturo ng mga kasanayan sa wika at pagbasa at pagsulat sa bawat mag-aaral



Oran K. Gragson Elementary School



William K. Moore Elementary School

KALAGAYAN NG PROYEKTO PARA SA MGA GURO, PUNONG-GURO, TAUHAN

Pangalan at Badyet ng Proyekto	Kalagayan	Pasalaysay na Update	Nagastos o Nakalaan (hindi kasama ang mga hindi direktang gastos)
\$2000 na Mga Bonus para sa Pagpapanatili Badyet: \$64,722,046	Umuusad	Nagawa ng CCSD na makipagkasundo sa lahat ng yunit sa pakikipagkasundo ng empleyado para sa mga bonus sa pagpapanatili kaugnay ng COVID para sa lahat ng full-time na empleyado. Ang bonus sa pagpapanatili na ito ay isa pang paraan para suportahan at pasalamatang mga empleyado at mapigilan ang epekto sa ekonomiya ng pandemyang COVID. Ibinayad ang mga bonus sa pagpapanatili sa mga empleyado noong tagsibol at tag-init ng 2022.	108%
Propesyonal na Pag-aaral ng Pagbasa at Pagsulat Badyet: \$11,980,000	Umuusad	Pinapataas ng CCSD ang kaalaman ng guro at tagapangasiwa hinggil sa content na nauugnay sa karunungan magbasa at magsulat para palakasin ang Tier I at Tier II na pagtuturo ng pagbasa at pagsulat at para mapahusay din ang mga naaayong sistema at estrukturang napatunayang nakakapagpataas ng tagumpay sa karunungan magbasa at magsulat. Nagsimula sa propesyonal na pag-aaral ngayong tag-init ang Mga Tagapangasiwa at Strategist sa Pagbasa bago ang ika-3 Baitang, na may mga karagdagang oportunidad para sa lahat ng tagapagturo sa elementarya na sumusuporta sa pagtuturo ng pagbasa at pagsulat na lumahok sa propesyonal na pag-aaral sa Lexia LETRS.	98%
Pipeline ng Tagapagturo Badyet: \$6,700,000	Umuusad	Nakikipagtulungan ang CCSD sa pambansang ahensya sa Alternatibong Ruta sa Pagkakaroon ng Lisensya (Alternate Route to Licensure, ARL) at sa mga unibersidad/kolehiyo ng Sistema ng Mas Mataas na Edukasyon ng Nevada (Nevada System of Higher Education, NSHE) para makapagbigay ng mga pinabilis na landas sa pagkakaroon ng lisensya para sa mga tauhan ng CCSD na Pansuportang Propesyonal, Paraprofessional, at pangmatagalang Kapalit para maging lisensyadong mga guro sila. Mula Setyembre 2022, 245 kalahok ang sumali sa UNLV Paraprofessional Pathways Project man o sa pinabilis na programa ng ARL, na nakakapagpatapos ng 36 na magtatapos na ganap na lisensyadong mga guro para sa CCSD.	3%
Student Pipeline to Teacher Education Badyet: \$6,233,000	Umuusad	Nilalayan ng CCSD na pataasin ang pipeline ng guro sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa Kolehiyo ng Estado ng Nevada at pagtiyak na nabibigyan ng suporta sa matrikula ang mga kasalukuyan at dating mag-aaral na nakatala sa parehong Pagtuturo at Pagsasanay para sa natitirang 90 kreditong kinakailangan para sa undergraduate degree sa Kolehiyo ng Estado ng Nevada. Isinasagawa na ang mga negosasyon.	0%
Relokasyon at Mga Bonus sa Pagpapanatili Badyet: \$3,553,592	Umuusad	Nagbibigay ang CCSD ng mga insentibo sa relokasyon para matiyak na may de-kalidad na lisensyadong guro sa bawat silid-aralan, para sa bawat mag-aaral, sa bawat araw. Mula Setyembre 2022, natanggap na ng 505 bagong hire ang insentibo sa relokasyon.	57%

KALAGAYAN NG PROYEKTO PARA SA MGA GURO, PUNONG-GURO, TAUHAN (IPINAGPATULUY)

Pangalan at Badyet ng Proyekto	Kalagayan	Pasalaysay na Update	Nagastos o Nakalaan (hindi kasama ang mga hindi direktang gastos)
Landas sa Pamumuno ng Guro Badyet: \$1,279,349	Umuusad	Bubuo ang CCSD ng komprehensibong Pipeline sa Pamumuno ng Guro na gagawa ng mga pormal at pangmatagalang landas para mabigyang-kakayahan ang mga tagapagturo na umunlad sa kanilang mga career habang nagbibigay din ng makabuluhang propesyonal na pag-aaral sa oras ng trabaho sa kanilang mga kapwa. Patataasin ng proyektong ito ang kakayahan ng hindi bababa sa 30 lider na guro sa pamamagitan ng propesyonal na pag-aaral, gawaing pampaaralan, pag-mentor, at pag-coach.	0%
Pipeline ng Urban na Lider Badyet: \$435,470	Umuusad	Nilalayan ng CCSD na pataasin ang pagkakaiba-iba ng tagapangasiwa, at sa huli at isara ang puwang sa oportunidad para sa mga mag-aaral na hindi puti, sa pamamagitan ng pagbibigay ng landas sa pag-unlad sa career para sa magkakaibang grupo ng mga tagapagturo para mamuno sa mga komunidad na dating hindi gaanong napaglilingkuran sa pamamagitan ng programa sa master's degree, cohort na karanasan, nagpapatuloy na propesyonal na pag-aaral, at pag-coach. Sinimulan ng inisyal na cohort ng 21 kandidato ang pagprograma ng master's degree noong taglagas ng 2022.	0%

Tampok ng Proyekto: Landas sa Pamumuno ng Guro

Labimpitong lider na guro na binubuo ng Cohort 1 ng Landas ng Lider na Guro ang nagsimula sa kanilang una sa apat na kurso sa Unibersidad ng Nevada, Las Vegas (University of Nevada, Las Vegas, UNLV) na hahantong sa Graduate Certificate sa Pamumuno para sa Mga Guro at Propesyonal.

Kasabay ng pag-aaral na ito, nakibahagi ang mga kalahok sa mga module sa propesyonal na pag-aaral mula sa Dibisyon para sa Pamumuno at Propesyonal na Pag-aaral na iniugnay ang content ng kurso ng UNLV sa layunin ng Distrito na mapahusay ang Tier 1 na Pagtuturo.



PAGPIGIL SA COVID-19, PATULOY NA PAGTUGON, AT IBA PANG GASTOS

Habang nakatuon ang CCSD sa mga pagsisikap sa pagbangon, ipinapatupad pa rin ng distrito ang mga protokol sa kaligtasan at kalusugan para matiyak na makakapagpatuloy ang mga tauhan sa pagtuturo at makakapagpatuloy ang mga mag-aaral sa pag-aaral.

Ginamit ng distrito ang pagpopondo para sa pagpigil at pagtugon sa COVID-19 sa pamamagitan ng malaking pamumuhunan sa pagsusuri, pagkuha ng mga nars, at pagbibigay ng personal na pamprotektang kagamitan (personal protective equipment, PPE) para makapagbigay-daan sa ligtas na pagbabalik sa paaralan.

Layunin

Limitahan ang mga epekto ng pandemya

Kabuuang Badyet

(3 Proyekto)
\$56,740,099


Nagastos

2.04%

Tampok ng Proyekto: Mga Serbisyon Pangkalusugan

Mula nang mabuo ito, napangasiwaan ng Sentro para sa COVID ang higit sa 50,000 pagtawag sa telepono mula sa mga tauhan at pamilya. Pinangasiwaan ng isang medikal na propesyonal ang bawat isa, na nag-aalok ng impormasyon sa pagsusuri, mga pagpapabakuna, at ligtas na pagbabalik sa trabaho o paaralan.

Kasalukuyang may 14 na lugar para sa pagsusuri sa COVID-19 na bukas at available para gamitin ng mga mag-aaral at tauhan. Available ang mga over-the-counter (OTC) na test para sa COVID-19 sa lahat ng campus ng paaralan at administratibong tanggapan ng Distrito.



KALAGAYAN NG PROYEKTO SA PAGPIGIL SA COVID-19

Pangalan at Badyet ng Proyekto	Kalagayan	Pasalaysay na Update	Nagastos o Nakalaan (hindi kasama ang mga hindi direktang gastos)
Mga Serbisyong Pangkalusugan Badyet: \$46,218,449	Umuusad	Nagsisikap ang CCSD para limitahan ang epekto ng COVID-19 sa mga paaralan at tagumpay ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga hakbang para matiyak na ligtas at malusog ang mga mag-aaral at tauhan para makapasok sila sa paaralan. Nagpapanatili ang Distrito ng ganap na mapapatakbong Sentro para sa COVID-19, na pinamamahalaan ang mga call center, sentro para sa pagsusuri, at gawain sa pagtukoy ng nakasalamuha (contact tracing). Kasalukuyang may 14 na lugar para sa pagsusuri sa COVID-19 na bukas at available para gamitin ng mga mag-aaral at tauhan. Available ang mga over-the-counter (OTC) na test para sa COVID-19 sa lahat ng campus ng paaralan at administratibong tanggapan ng Distrito. Gumamit ng mga karagdagang kaloob para tumulong sa mga gastos sa pagpigil sa COVID-19. Kapag naubos na ang mga pondong iyon, gagamitin ang mga pondo ng ESSER III para sa patuloy na suporta.	0%
Mga Pagpapatakbo Badyet: \$3,585,000	Umuusad	Kahit na binabadyet ang mga pondo ng ESSER III para sa pagbibigay ng mga mask sa mga mag-aaral at tauhan, natugunan ang pana-panahong pangangailangan para sa mga naitatapon mask gamit ang mga pondo ng ESSER III. May sapat na imbentaryo ang warehouse ng Distrito para sa unang semestre ng taon ng pag-aaral na 2022-2023. Kung tataas ang pangangailangan, gagamitin ang mga pondo ng ESSER III; kung hindi, muling gagamitin ang mga pondo sa ibang pagsisikap sa pagbangon mula sa pandemya.	0%
Pass-thru na Pagpopondo para sa Charter na Paaralan Badyet: \$3,585,000	HINDI ANGKOP	Kumikilos ang CCSD bilang pass-through na piskal na ahente para ma-access ng mga charter na paaralang inii-sponsor ng Distrito ang mga pondo ng ARP ESSER III. Hindi nagpaplano ang CCSD para sa paggamit ng mga pondo sa mga charter na paaralang inii-sponsor ng Distrito, pero tinitiyak nito ang pagpapahintulot at paglalaan ng lahat ng gastos na kasama sa mga kahilingan para sa reimbursement ng mga charter na paaralan.	15%

SUPORTA SA MAGULANG AT KOMUNIDAD

Nagkaroon ng mahalagang tungkulin ang komunidad ng CCSD sa pagtukoy ng mga priyoridad para sa paggastos ng ARP ESSER III. Sa pamamagitan ng prosesong iyon, naging malinaw ang interes sa higit pang data at mas mataas na kalinawan. Dahil dito, bumubuo ang CCSD ng bagong tool na magbibigay ng kakayahan sa mga pamilya at miyembro ng komunidad sa pangkalahatan na mas maunawaan at kumilos hinggil sa pag-usad ng CCSD.

Layunin

Makipagtulungan sa Komunidad hinggil sa Pagbangon

Kabuuang Badyet

(1 Proyekto)
\$6,754,688

Nagastos

0.00%

KALAGAYAN NG PROYEKTO

Pangalan at Badyet ng Proyekto	Kalagayan	Pasalaysay na Update	Nagastos o Nakalaan (hindi kasama ang mga hindi direktang gastos)
Kalinawan at Pananagutan ng Data Badyet: \$6,754,688	Umuusad	Bumubuo ang CCSD ng bagong tool sa kalinawan at pananagutan ng data para makapagbigay ng karagdagang visibility sa mga resulta ng Distrito na naaayon sa estratehikong plano. Nagkaroon ng pag-usad sa mga panloob na bahagi ng gawaing ito, na naaayon sa mga proseso sa at timeline ng pagsubaybay sa pag-usad ng pagtuturo at pag-aaral.	0%

BALANSENG PAMAMAHALA AT PAMUMUNO

Tinitiyak ng CCSD na angkop na ginastos ang mga pondo ng ARP ESSER III at regular na nasusubaybayan ang pagpapatupad. Masikap na sinusubaybayan ng CCSD ang pagpapatupad para sa lahat ng proyektong pinopondohan ng ARP ESSER III at patuloy itong maghahanda ng taunang ulat na may mga update sa lahat ng pinopondohang proyekto

Layunin

Magplano para sa
Likas-kayang Hinaharap

Kabuuang Badyet

(1 Proyekto)
\$332,000

Nagastos

77.11%

KALAGAYAN NG PROYEKTO

Pangalan at Badyet ng Proyekto	Kalagayan	Pasalaysay na Update	Nagastos o Nakalaan (hindi kasama ang mga hindi direktang gastos)
Estratehikong Pagpapalano (Kasama ang Pananagutan ng ESSER III) Badyet: \$332,000	Umuusad	Isinasagawa na ang pagpapalano at pagpapatupad ng pag-ulat at pananagutan ng proyekto, na pinatunayan ng mismong dokumentong ito.	77%

MGA PROYEKTONG HINDI NA PINOPONDOHAN NG ESSER III

Pagkasumite ng inisyal na Plano sa Paggamit ng Mga Pondo ng CCSD noong Setyembre 2021, humantong sa pangangailangan para sa ilang pagbabago sa proyekto ang higit pang gawain sa pagpapalano at pagsusuri. Maraming proyekto ang kinailangang palawakin pagdating sa saklaw (at badyet), at maraming proyekto ang nagkaroon ng opsyong mapondohan sa labas ng ARP ESSER III. Binuo ang mga proyektong inalis mula sa binagong plano sa Paggamit ng Mga Pondo ng ESSER III bilang pagtugon sa input ng komunidad na nakuha sa pamamagitan ng kampanya ng Focus on the Future for Kids, at ipinapatupad pa rin ang gawaing iyon. Nasa ibaba ang impormasyon tungkol sa kalagayan ng bawat proyekto.

TAGUMPAY NG MAG-AARAL

Oportunidad sa Pag-endorso ng ELL para sa Lahat ng Guro

Nakipagtulungan ang Dibisyon para sa Mag-aaral ng Wikang Ingles sa Kolehiyo ng Estado ng Nevada at Unibersidad ng Nevada Las Vegas para bumuo ng oportunidad para sa mga guro na makakuha ng Pag-endorso sa Katatasan sa Wikang Ingles (English Language Acquisition Endorsement, ELAD) o pag-endorso sa Pagiging Bilingguwal gamit ang mga pondo mula sa Titulo III at Titulo II. Bibigyan ng mga pag-endorso ito ang mga guro ng kaalaman at mga kasanayan para masuportahan ang mga mag-aaral ng wikang Ingles (English language learner, ELL) at isara ang puwang sa mga nakakamit para sa mga ELL. Sa unang semestre ng taon ng pag-aaral na 2022 - 2023, 105 tagapagturo ang lumalahok sa pag-endorso ng ELAD at 22 tagapagturo ang lumalahok sa pag-endorso sa Pagiging Bilingguwal.

Sa panahon ng mga negosasyon para sa Napag-ayusang Kasunduan sa 2021-2023, sumang-ayon ang CCSD at CCEA sa Artikulo 26-26, na nagbibigay sa mga Tier 1 na tagapagturo ng mga Titulo 1 na paaralang pinipiling ituloy ang gawaing pampaaralan sa ELAD na nagreresulta sa pag-endorso, ang kwalipikado para sa reimbursement. Maaari silang dumalo sa anumang paaralang nag-aalok ng programa sa Pag-endorso alinsunod sa NAC 391.237; kasama sa mga inirerekomendang paaralan ang Kolehiyo ng Estado ng Nevada, Unibersidad ng Touro, Unibersidad ng Grand Canyon, Unibersidad ng Western Governors, at Unibersidad ng Timog Utah/RPDP. Dapat matanggap ng mga tagapagturo ang pag-endorso para maging kwalipikado para sa reimbursement. Ang mga gawaing pampaaralan na kinuha pagkalipas ng Hulyo 1, 2022 lang ang magiging kwalipikado para sa reimbursement.

Pagpapalawak ng Pre-K

Binayaran ang pagpapalawak ng Pre-kindergarten ng apat na programa sa pamamagitan ng hiwalay na pinagmumulan ng pondo para sa 2022-2023. Nagkaroon ng pagtaas sa pagpapatala na 120 karagdagang mag-aaral sa pagitan ng apat na lugar. Isa rin itong pagkakataon para mapataas ng Distrito ang mga pagsisikap sa pagsasama sa isa sa mga lugar nito na pinaglingkuran ang 13 mag-aaral na may mga kapansanan. Nagbigay ito ng mga karagdagang oportunidad para makatanggap ang mga mag-aaral ng mga maagang pamamagitan at suporta bago pumasok sa sistema ng Kindergarten.

Mga Bayad na Propesyonal na Kredensyal para sa Mga Mag-aaral

Nagbibigay-daan ang Batas sa Pagpapalakas ng Edukasyong Pang-career at Teknikal para sa ika-21 Siglo (Strengthening Career and Technical Education for the 21st Century Act) (Perkins V) sa pagsuporta ng mga pederal na pondo ng CTE sa pagbibigay ng kredensyal sa mag-aaral, gaya ng mga sertipikasyon ng OSHA. Dagdag dito, gagamitin ang Mahusay na Kaloob ng ARP ESSER sa Mga Suporta sa Pagkahanda sa Kolehiyo at Career (College and Career Readiness Supports, CCRS) para pondohan ang mga singil sa

pagsusulit para sa sertipikasyon (Microsoft, Adobe, Negosyo/Pag-market, Pag-code, Pag-network, NOCTI, Graphical, Cloud/Web, Medikal, Praxis, Administratibo, Kagamitan/Makina, at Mga Sistema ng Impormasyon). Bukod pa rito, popondohan ng proyekto ang mga katulad na programang nakabase sa web (paghahanda para sa sertipikasyon sa TestOut, mga pagsasanay na pagsusulit sa CompTIA, mga pagsasanay na pagsusulit sa CertPrep, pagsasanay sa TestPrep, paghahanda para sa pagsusulit sa Kaplan, paghahanda para sa pagsusulit sa ETS Praxis, paghahanda para sa pagsusulit sa Certiport, paghahanda para sa pagsusulit sa Pearsan/VUE).

Pagtuklas ng Career sa Tag-init (dating 6 na Linggong Mga Kurso para sa Career sa Tag-init)

Nagbibigay-daan ang Batas sa Pagpapalakas ng Edukasyong Pang-career at Teknikal para sa ika-21 Siglo (Perkins V) sa pagsuporta ng mga pederal na pondo ng CTE sa pagbibigay ng mga oportunidad sa pagtuklas ng career sa CTE para sa mga mag-aaral sa middle school at mataas na paaralan.

Idinisenyo ang mga oportunidad sa pagtuklas ng career na kasalukuyang iniaalok sa Distrito para matulungan ang mga mag-aaral sa pagtuklas ng kanilang mga talento at kakayahan at paggamit ng mga iyon bilang lense para makagawa ng mga pinag-isipang desisyon tungkol sa pagpapatala sa mga programa sa pag-aaral ng CTE sa mataas na paaralan at para maunawaan ang mga oportunidad sa pagtatrabaho sa pagtatapos sa paaralan.

MGA GURO, PUNONG-GURO, TAUHAN

Pamumuno at Propesyonal na Pag-aaral

Nagsimula sa pagtatapos ng Setyembre at magpapatuloy hanggang sa katapusan ng Abril ang pangalawang cohort ng Unibersidad ng Howard at Insight Education Group Executive Leadership Academy. Magbubukas sa Nobyembre ang aplikasyon para sa ikatlong cohort. Sisimulan ng pangalawang cohort ng mga kalahok sa Sertipiko sa Pamamahala at Pamumuno ng Paaralan (Certificate in School Management and Leadership, CSML) ng Harvard ang kanilang ikalawa sa apat na klase ngayong taglaghas. Kasama sa parehong kasalukuyang programa ang 13 lider na nakabase sa paaralan.

Nagsimula sa Agosto ang Assistant Principal Induction Academy at ang programa sa pag-mentor, at kasalukuyan itong naglilingkod sa humigit-kumulang 110 bagong tagapangasiwa kada buwan.

SUPORTA SA MAGULANG AT KOMUNIDAD

Pagsasanay ng Magulang Hinggil sa Teknolohiya

Nabuo ang inisyal na pagsasanay ng magulang hinggil sa teknolohiya sa labas ng pagpopondo ng ESSER III, at patuloy na magpapabuti at gagawa ng mga karagdagang video.

Patuloy na nakikipagtulungan ang Departamento sa Pakikibahagi sa Pamilya (Family Engagement Department) sa mga departamento sa loob ng CCSD para magsaliksik at makabuo ng nauugnay na digital na content para sa mga magulang at pamilya batay sa mga pangangailangan ng paaralan at komunidad. Nagpapakita ang makasaysayang data ng manonood ng tuloy-tuloy na pagtaas. Mula Nobyembre 2021, 102,000 ang manonood, at hanggang ngayon, 135,000 ang manonood.

KONKLUSYON

Binigyan ng pagpopondo ng ARP ESSER III ang CCSD ng kakayahang kumilos nang mapagpasya at malakas ang loob para tugunan ang pinakamalulubhang epekto ng pandemyang COVID-19. Gayundin, binigyan ng malaking pagpopondong ito ang komunidad ng kakayahang mangarap nang malalim at tukuyin ang mga partikular na priyoridad na magpapabilis ng pag-usad sa buong Distrito.

Maaaring tumagal ng ilang taon ang daan patungo sa pagbangon, pero sa pamamagitan ng pagpopondong ito, gumagawa ng mga hakbang ang CCSD. Taos-pusong pinapahalagahan ng Distrito ang Kongreso ng Estados Unidos, partikular na ang Pederal na Delegasyon ng Timog Nevada, para sa pagpasa ng Plano sa Pagsagip ng Amerika, at tutuparin nito ang mga inaasahan ng pamumuhunang ito para matugunan ang epekto ng pandemyang dulot ng coronavirus sa mga mag-aaral ng Clark County.

Nangangako ang CCSD sa pangangasiwa ng mga pondo ng ARP ESSER III nang may kalinawan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga regular na ulat at update. Inaasahan ng pamunuan ng distrito ang higit pang pakikibahagi sa mga darating na buwan at taon, habang patuloy nating binubuo ang ating nakabahaging bisyon para sa hinaharap.